# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Nobyembre, 2024

## Kailan Aasahan ang mga Resulta ng Presidensyal na Pangkalahatan

Sa gabi ng eleksyon, lahat tayo ay gustong malaman ang mga resulta kaagad, ngunit ang pagbilang ng mga balota ay nangangailangan ng oras. Narito ang ilang mga dahilan kung bakit:

- Mayroong higit sa 1.98 milyong aktibong rehistradong botante ang County.
- Ang bawat aktibong rehistradong botante ay pinadadalhan ng balota sa koreo.
- Maaaring bilangin ang mga balotang pangkoreo kung nai-postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon at natanggap hanggang pitong araw pagkatapos.
- Ang mga hindi rehistrado ngunit karapat-dapat na bumoto ay maaaring magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang at sa Araw ng Eleksyon.

Kung gayon, ano ang maaari ninyong asahan sa gabi ng eleksyon?

Ang unang pangkat ng hindi opisyal na mga resulta ng eleksyon ay darating nang maaga pagkatapos ng ika-8 ng gabi. Kabilang dito ang mga balotang pangkoreo na natanggap bago ang Araw ng Eleksyon at ang mga balota mula sa mga vote center na nanggaling sa maagang pagboto sa pagitan ng Ika-26 ng Oktubre — Ika-5 ng Nobyembre.

Para sa pinakabagong update ng resulta sa gabi ng eleksyon, maaari ninyong bisitahin ang sdvote.com o sundan ang opisina ng Tagapagrehistro sa X (dating Twitter).

Pagkatapos nito, ang mga resulta sa gabi ng eleksyon ay isasama **lamang** ang mga balota mula sa mga vote center na nabotohan sa mismong Araw ng Eleksyon. Wala nang karagdagang update para sa mga balotang pangkoreo sa gabi ng eleksyon.

Ang mga balota sa Araw ng Eleksyon ay papasok pagkatapos magsara ang mga vote center sa ika-8 ng gabi. Magkakaroon ng pagitan sa oras para sa susunod na pangkat ng mga resulta dahil sa mga manggagawa sa botohan na nag-iimpake ng kagamitan at bumibiyahe mula sa mahigit na 200 vote center na matatagpuan sa buong county.

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Nobyembre, 2024

Sa pagdating sa opisina ng Tagapagrehistro, isa-scan ang mga balota mula sa mga vote center, at ang mga resulta ay pana-panahong ia-update hanggang sa mabilang ang lahat ng mga balota mula sa mga vote center.

Dahil mas kaunti ang mga vote center kumpara sa tradisyonal na modelo ng lugar ng botohan, mas bihirang magbibigay ng update ang opisina ng Tagapagrehistro.

Ang huling hindi opisyal na mga resulta sa gabi ng eleksyon ay maaaring hindi dumating hanggang sa ika-1 ng umaga o mas huli pa, at sasaklawin lamang ang mga balota na maaaring mabilang kaagad.

Ang pagbibilang ng mga balota ay hindi natatapos sa gabi ng eleksyon.

Ano pa ang natitirang bilangin?

- Mga balota sa koreo
  - Ito ay mga balota na ihinulog sa mga vote center, opisyal na mga ballot drop box, o kinuha ng U.S. Postal Service sa Araw ng Eleksyon.
  - Ang mga balotang ipinakoreo bago o sa Ika-5 ng Nobyembre ay may pitong araw para dumating kung nai-postmark sa pagsapit ng Araw ng Eleksyon.
- Mga probisyonal na balota
  - Ang mga taong hindi nakaabot sa deadline ng rehistrasyon noong Ika-21 ng Oktubre ay maaaring magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal sa personal hanggang at sa Araw ng Eleksyon.
  - Kapag naiproseso na ang kanilang rehistrasyon ng botante at nakumpirma ng opisina ng Tagapagrehistro na ang botante ay hindi bumoto sa ibang lugar sa estado, ang rehistrasyon ng botante ay magiging aktibo, at mabibilang ang probisyonal na balota.
  - Hindi matataya ng opisina ng Tagapagrehistro kung ilang residente na hindi rehistrado, ngunit karapat-dapat, ang sasamantalahin ito.

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Nobyembre, 2024

Matapos ang gabi ng eleksyon, ang susunod na paglabas ng hindi opisyal na mga resulta ay nakatakdang ipaskil sa ika-6 ng gabi sa Huwebes, Ika-7 ng Nobyembre hanggang Sabado, Ika-9 ng Nobyembre at muli sa Lunes, Miyerkules, at Biyernes, Ika-11 hanggang Ika-15 ng Nobyembre.

Ang mga karagdagang update ay nasa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magsasara sa Huwebes, Ika-28 ng Nobyembre at Biyernes, Ika-29 ng Nobyembre bilang paggunita sa Thanksgiving holiday.

Ang mga resulta ay dapat masertipikahan bago sumapit ang Ika-5 ng Disyembre at inaasahan ng Tagapagrehistro na gamitin ang buong panahon ng sertipikasyon upang tiyakin na ang bawat legal na boto ay naidagdag sa pagbilang sa pinaka-mabilis, ngunit pinaka-maingat na pamamaraang mayroon, na nagsisiguro ng mga tumpak na resulta. Lahat ng mga update ay ipapaskil sa sdvote.com na may pinal na sertipikadong resulta na ipapaskil sa Ika-5 ng Disyembre.

Matuto nang higit pa tungkol sa Presidensyal na Pangkalahatan sa Nobyembre sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll-free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER